# Pagkabulag

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Fr. Matthieu Dauchez (Tulay ng Kabataan)
Abril 2, 2022

Kailangan nating lahat ang liwanag upang malaman kung saan tayo patutungo. Ang ating mga mata ang nakakikita ng mga bagay sa ating paligid. Gayunpaman, kailangan din nating buksan ang "mata ng ating kaluluwa" upang makita kung ano ang higit na mahalaga, kung ano ang nagbibigay ng tamang kahulugan sa ating buhay, at upang makita si Hesus sa ating paligid. Kung nagbabasa tayo ng Bibliya, may dalawang bagay tayong dapat gawin: makibahagi at tanungin ang sarili: "Ano ang sinasabi ni Hesus sa atin? Ano ang pinaka makabuluhan para sa atin? Kaya, nakatuon ang ating pagkabulag sa mga makamundong pakikipag-ugnayan, ngunit ang liwanag (paghilom) ni Kristo ang nagtatanggal ng pagkabulag sa ating mga mata.

**Mga Aral mula sa "Ang Bulag na si Bartimeo" (Marcos 10: 46-52)**

1. Si Bartimeo ay nakaupo lamang sa gilid ng daan.
   1.1. Ayaw ni Hesus na makita tayong paupo-upo lang na parang wala nang pag-asa at lakas.
2. Noong madaanan siya ni Hesus, nakaramdam si Bartimeo ng pag-asa at determinasyon. Alam niya na si Hesus, anak ni David, ay kanyang tagapagligtas, at humingi siya ng awa.
   2.1. Habang hindi nakakikita ang kanyang mga mata, nakita niya na si Hesus ay pag-ibig.
3. Pinagsabihan siya ng mga tao at pinatahimik, ngunit lalo pa siyang nagsisigaw, humihingi ng awa at habag.
   3.1. Hindi tayo dapat sumuko.
4. Pinalapit ni Hesus si Bartimeo sa Kanya.
   4.1. Gusto ni Hesus na lagi tayong lumapit sa Kanya tanda ng ating pagmamahal. Hindi Niya tayo pinipilit na lumapit sa Kanya. Ang mensahe Niya sa atin ay magkaroon tayo ng tapang at lumapit sa Kanya.
5. Tinapon ni Bartimeo ang kanyang balabal at nagtungo kay Hesus.
   5.1. Kapag tayo ay lumalapit sa Diyos, dapat iwanan natin lahat (mabigat na pasanin, problema, pakikibaka, at iba pa).
6. Sinabi ni Hesus:" Ano ang gusto mong gawin Ko sa iyo? " Bakit nagtanong si Hesus ng ganito? Gusto Niyang malaman mula kay Bartimeo kung ano pa ang kanyang kailangan.
7. Mahalagang bigkasin ang nasa isip natin, ang ating mga panalangin, at lalo na ang ating pag-ibig kay Hesus.
8. Gusto ni Bartimeo ang makakita. Pinagaling ni Hesus ang kanyang pisikal na pagkabulag, at pinagaling siya ng kanyang pananampalataya. Naging taga - sunod siya ni Hesus.
9. Palaging doble ang pagpapagaling ni Hesus. Ang pagpapagaling sa katawan ay tanging tanda ng higit na mahalaga, ang pagpapagaling sa kaluluwa.
   9.1. Kailangan nating tingnan ang ibang tao hindi lamang sa ating mga mata, kundi sa mga mata ni Hesus.
   9.2. Hindi lamang ang panlabas na kaanyuhan ang dapat nating makita, kailangan din nating makita ang kaluluwa ng isang tao - ang kanyang pangangailangan, pagganyak at ang kanyang pagkatao.

**Konklusyon:**

Baguhin natin ang ating pagtingin sa mundo. Araw-araw, nagpapadala si Hesus ng napakaraming pagkakataon upang ipalaganap ang Kanyang pag-ibig. Gayunpaman, madalas bulag tayo at nakakaligtaang makita ang mga pagkakataong ganito. Hilingin natin kay Hesus na buksan Niya ang "mata ng ating kaluluwa" at maging katulad Niya para sa mga tao sa paligid. Magkaroon tayo ng higit na pasensya, maging mapagpatawad, maging mabait at ipakita ang ating pagmamahal sa iba.

**Pagninilay:**
Pagnilayan ang mga nangyari ngayon. Sa palagay mo, anong mga pagkakataon ang nakaligtaan mong pagtuunan ng pansin para sa iba: ang pagngiti, ang tumulong?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Pag-ibig #Lakas ng loob #Pagpapagaling